



Disyembre 21, 2020

Mahal na mga Magulang/Mga Tagapag-alaga at mga Mag-aaral,

Ang Pamahalaan ng Ontario ay [naghayag](#) ngayong araw na ang lalawigan ay lilipat sa Sonang Kulay-abo [Grey (Lockdown)] sa Sabado, Disyembre 26 upang lalong pabagalin ang pagkalat ng COVID-19. Sa Toronto at sa nalalabing bahagi ng Timog Ontario, ang lockdown ay mananatili sa lugar para sa mga 28 araw. Bilang bahagi ng paghahayag na ito, sinabi ng pamahalaan na ang **lahat ng mga paaralang elementarya sa Timog Ontario, kabilang ang mga nasa TDSB, ay isasara sa mga mag-aaral hanggang Lunes, Enero 11, habang ang lahat ng mga sekundaryong paaralan ay isasara sa mga mag-aaral hanggang Lunes, Enero 25.** Sa panahong ito, lahat ng mga in-person na paaralan ay lilipat sa malayuang pag-aaral, habang ang mga virtual na paaralan ay magpapatuloy tulad ng normal.

Mangyaring tingnan sa ibaba ang karagdagang impormasyon tungkol sa paglipat na ito sa malayuang pag-aaral sa mga paaralan ng TDSB.

Mga Paaralang Elementarya

Mga In-Person na Paaralan: Ang mga mag-aaral ay makakatanggap ng malayuang pag-aaral mula sa kanilang bahay na ihahatid ng kanilang regular na guro sa paaralan. Susundin ng mga paaralang elementarya ang kanilang regular na iskedyul ng paaralan/tala-orasan. Sa mga ilang kaso, maaaring magkaroon ng mga maliit na pag-aakma na ipapaalam sa mga pamilya sa Lunes, Enero 4.

Ang mga Virtual na Paaralan: Ay patuloy na tatakbo tulad ng normal.

Mga Sekundaryong Paaralan

Mga In-Person na Paaralan: Ang mga sekundaryong paaralan ay susunod sa isang iniakmang tala-orasan:

Oras	Araw 1	Araw 2	Araw 3	Araw 4
Alas 8:45 ng umaga hanggang alas 10:00 ng umaga	<u>Kurso 1</u> Synchronous (Magkasabay)	<u>Kurso 1</u> Synchronous (Magkasabay)	<u>Kurso 2</u> Synchronous (Magkasabay)	<u>Kurso 2</u> Synchronous (Magkasabay)





Alas 10 ng umaga hanggang alas 10:30 ng umaga	<u>Kurso 1</u> Asynchronous/ (Hindi magkasabay) Independent Learning (Malayang Pag-aaral)	<u>Kurso 1</u> Asynchronous/ (Hindi magkasabay) Independent Learning (Malayang Pag-aaral)	<u>Kurso 2</u> Asynchronous/ (Hindi magkasabay) Independent Learning (Malayang Pag-aaral)	<u>Kurso 2</u> Asynchronous/ (Hindi magkasabay) Independent Learning (Malayang Pag-aaral)
Alas 10:30 ng umaga hanggang alas 11:45 ng umaga	<u>Kurso 1</u> Synchronous (Magkasabay)	<u>Kurso 1</u> Synchronous (Magkasabay)	<u>Kurso 2</u> Synchronous (Magkasabay)	<u>Kurso 2</u> Synchronous (Magkasabay)
Alas 11:45 ng umaga hanggang alas 12:30 ng hapon	<u>Kurso 1</u> Asynchronous/ (Hindi magkasabay) Independent Learning (Malayang Pag-aaral)	<u>Kurso 1</u> Asynchronous/ (Hindi magkasabay) Independent Learning (Malayang Pag-aaral)	<u>Kurso 2</u> Asynchronous/ (Hindi magkasabay) Independent Learning (Malayang Pag-aaral)	<u>Kurso 2</u> Asynchronous/ (Hindi magkasabay) Independent Learning (Malayang Pag-aaral)
Alas 12:30 ng hapon hanggang ala 1:10 ng hapon	Tanghalian			
Ala 1:10 ng hapon hanggang	APA/PMA			





alas 2:00 ng hapon				
Alas 2:00 ng hapon hanggang alas 3:15 ng hapon	<u>Kurso 2</u> Synchronous (Magkasabay)	<u>Kurso 2</u> Synchronous (Magkasabay)	<u>Kurso 1</u> Synchronous (Magkasabay)	<u>Kurso 1</u> Synchronous (Magkasabay)

Tandaan: Ang Panahon 1 na klase ay magpapatuloy na tumakbo mula alas 8:45 ng umaga hanggang alas 12:30 ng hapon, at kabibilangan ng 150 mga minuto ng synchronous/online na pag-aaral at 75 mga minuto ng asynchronous/independent na trabaho. Ang mga guro ay magsisimula ng synchronous online na pag-aaral sa alas 8:45 ng umaga. Ang naka-iskedyul na asynchronous na mga oras sa tala-orasan sa itaas ay halimbawa ng kung paano ang mga asynchronous na mga oras ay maaaring ma-iskedyul. Gagamitin ng mga guro ang propesyunal na pagpapasya upang tukuyin kung paano mai-iskedyul ang mga synchronous at asynchronous na oras.

Mga Virtual na Paaralan: Ay patuloy na tatakbo tulad ng normal.

EdVance at mga Araw na Paaralan ng Nasa Hustong Gulang

Mga In-Person na Paaralan: Ang mga mag-aaral sa mga programang Araw na Paaralan ng Nasa Hustong Gulang at EdVance ay susundin ang nasa online na iskedyul na ito:

	<u>Araw 1</u>	<u>Araw 2</u>	<u>Araw 3</u>	<u>Araw 4</u>
<u>Panahon 1:</u> <u>3 oras</u>	<u>1AB Synchronous (Magkasabay)</u>	<u>1AB Synchronous (Magkasabay)</u>	<u>2AB Synchronous (Magkasabay)</u>	<u>2AB Synchronous (Magkasabay)</u>
<u>Panahon 2:</u> <u>1 oras</u>	<u>2AB Synchronous (Magkasabay)</u>	<u>2AB Synchronous (Magkasabay)</u>	<u>1AB Synchronous (Magkasabay)</u>	<u>1AB Synchronous (Magkasabay)</u>
<u>Panahon 3:</u> <u>2 oras</u>	<u>3AB Synchronous (Magkasabay)</u>	<u>3AB Synchronous (Magkasabay)</u>	<u>3AB Synchronous (Magkasabay)</u>	<u>3AB Synchronous (Magkasabay)</u>

Ang mga oras ng pagsisimula at oras ng tanghalian ay mananatiling pareho para sa bawat paaralan.





Virtual na Pag-aaral: Ay patuloy na tatakbo tulad ng normal.

Mga Kahaliling Paaralan/Programa

Mga In-Person na Paralan: Ang mga paaralan na hindi gumagamit ng binuo ng Lupon na umaangkop na tala-orasan (kagaya ng mga Kahaliling Paaralan-Programa, nagtipon na mga lugar, mga ISP atbp.) ay magsasagawa ng lokal na binuong malayuang mga iskedyul.

Virtual na Pag-aaral: Ay patuloy na tatakbo tulad ng normal.

Nagtipon na mga Lugar ng Espesyal na Edukasyon (Special Education Congregated Sites)

Ang mga Nagtipon na Lugar (nakalista sa ibaba) ay magsasagawa ng lokal na binuong iskedyul ng malayuang pag-aaral.

Mga Nagtipon na Lugar ng Elementarya: Beverly School, Lucy McCormick Senior School, Seneca School, Sunny View Jr. at Sr. PS, Parklane PS, William J. McCordic School

Mga Nagtipon na Lugar ng Sekundaryo: Central Etobicoke, Drewry Secondary School, Frank Oke, Maplewood High School, Sir William Osler, York Humber HS

Pakitandaan na bilang bahagi ng pagsisikap ng pamahalaan na protektahan ang pinakamahina, ang mga lupon ng paaralan ay, kung saan maaari, magbibigay ng in-person na suporta para sa mga mag-aaral na may mga pangangailangan sa espesyal na edukasyon na hindi mapaluluwagan sa pamamagitan ng malayuang pag-aaral batay sa mga pangangailangan ng mag-aaral. Mangyaring makipag-usap sa punong-guro ng iyong anak kung naniniwala ka na kakailanganin ito.

Programa ng Pangangalaga sa Bata/Pinahabang Araw

Ang lahat ng mga programa ng pangangalaga ng bata na nagsisilbi sa mga sanggol, batang paslit at mga batang nasa edad bago ng paaralan na matatagpuan sa loob ng mga paaralan ng TDSB ay pahihintulatang manatiling bukas sa panahon ng Lockdown, gayunpaman kailangang kumpirmahin ng mga magulang/mga tagapag-alaga ang mga detalye sa kanilang indibidwal na opereytor ng pangangalaga sa bata. Habang ang mga paaralan ay sarado, ang lahat ng mga Pinahabang Araw na Programa ng TDSB (Extended Day Programs) at Bago at Pagkatapos ng Iskuwelang mga Programa (Before- and After-Schools) ay isasara din.

Mga Susunod na Hakbang

Bagaman ang TDSB ay nagpamahagi ng higit sa 70,000 mga aparato sa mga mag-aaral ngayong taon, alam namin na ang mga ilang mag-aaral ay maari pa ding mangailangan ng isang aparato para sa panahong ito ng malayuang pag-aaral. Sa mga kasong iyon, ang mga pamilya ay hinihikayat na makipag-





ugnay sa kanilang paaralan kapag nagbukas ang mga ito upang makipag-ayos para sa isa. Pakitandaan na ang mga aparato ay ibibigay batay sa pagkakaroon at maaaring abutin ng matagal na oras upang maipamahagi.

Ang balita ngayong araw ay dumating sa isang oras kung kailan ang lahat ng mga paaralan ay nasa bakasyon ng taglamig, na humaharap sa isang paghamon dahil alam ko na marami sa inyo ay maaaring mayroong mga katanungan tungkol sa mga susunod na hakbang. Para sa mga in-person na paaralan, ang mga guro ay makikipag-ugnay sa mga mag-aaral at mga pamilya sa Lunes, Enero 4 upang magbigay ng higit pang impormasyon at simulan, ang inaasahan na maging, medyo mabilis na proseso ng paglipat sa malayuang pag-aaral. Para sa mga mag-aaral sa virtual na paaralan, ang pag-aaral ay magpapatuloy tulad ng normal sa Lunes, Enero 4.

Bagaman hindi inaasahan, alam ko na ang balitang ito ay magiging mahirap para sa marami. Nais ko kayong bigyan-katiyakan na kami ay maraming natutunan tungkol sa malayuang pag-aaral sa loob ng huling mga 9 na buwan at bagaman maaaring mayroon pa ding mga paghamon sa hinaharap, susuportahan namin ang aming mga mag-aaral at mga pamilya upang tiyakin ang pinakamaayos na paglipat hangga't maaari.

Matapat,

A handwritten signature in black ink that reads 'K. Witherow'.

Kathy Witherow
Pansamantalang Direktor ng Edukasyon

